



Queensland
Government

Transvaginal Ultrasound Consent (Filipino)

Facility:

(Affix identification label here)

URN:

Family name:

Given name(s):

Address:

Date of birth:

Sex: M F I

A. May kakayahang ba ang pasyente?

Kumpletuhin para lamang sa pasyenteng NASA EDAD NA

- Oo → **PUMUNTA SA section B**
 Hindi → **KUMPLETUHIN ANG section A**

Kailangan mong sumunod sa Maagang Pangkalusugang Direktiba (Advance Health Directive AHD), o kung walang AHD, ang pahintulot mula sa pamalit na tagapagpasya sa sumusunod na kaayusan: Kategoriya 1. Tagapag- alaga na hinirang ng husgado; Kategoriya 2. Matatag na Kapangyarihan ng Abogado; o Kategoriya 3. Itinakdang Abogadong Pangkalusugan

Pangalan ng pamalit na tagapagpasya:

Kategoriya ng pamalit na tagapagpasya:

Kumpletuhin para lamang sa pasyenteng BATA/ KABATAAN

- Oo Bagaman ang pasyente ay isang bata / kabataan, ang pasyente ay maaaring may kakayahang magbigay ng kaalamang pahintulot at may sapat na pag-iisip, pag-unawa at katalinuhan upang maunawaan ang likas na katangian, mga kahihinatnan at peligro ng iminungkahing 'procedure'/ gamutan/pagsisiyasat/ pagsusuri at ang mga kahihinatnan ng hindi paggagamot - Gillick competence' (*Gillick v West Norfolk at Wisbech Area Health Authority [1986] AC 112*)
→ **PUMUNTA SA seksyon B**
- Hindi Magulang / ligal na tagapag-alaga / ibang tao * na may mga karapatan at responsibilidad ng magulang para magbigay ng pahintulot at kumpletuhin ang kasulatang ito
→ **KUMPLETUHIN ANG seksyon A**

*Mga pormal na kaayusan, katulad ng mga kaayusan sa pagiging magulang/ pangangalaga, pag-aampon, o ibang pormal at kinikilalang kaayusan sa pangangalaga. Sumangguni sa "Queensland Health Guide to Informed Decision-making in Health Care 1" at lokal na patakaran at mga pamamaraan. Kumpletuhin ang pinagmulan ng awtoridad sa pagpapasya na naaangkop sa ibaba.

Kung naaangkop, pinagmulan ng awtoridad sa pagpapasya (tsekan ang isa): :

- Utos ng Korte → Napatunayang utos ng korte
 Ligal na tagapag-alaga → Napatunayang dokumentasyon
 Ibang tao* → Napatunayang dokumentasyon

Pangalan ng magulang/ligal na tagapag-alaga/ibang tao*:

Relasyon sa bata/kabataan:

B. Kailangan ba ng interpreter?

Kung oo, ang interpreter ay:

- nagbigay ng tingin-salin ng kasulatan ng kaalamang pahintulot sa personal
 isinalin ang kasulatan ng kaalamang pahintulot sa telepono

Pangalan ng interpreter:

Code ng interpreter: Wika:

C. Pasyente/Magulang/Ligal na Tagapag-alaga/ibang tao* hinihiling ang mga sumusunod na 'procedure'

Transvaginal ultrasound

D. Mga panganib na partikular sa pasyente na magkakaroon ng 'transvaginal ultrasound'


(Ang doktor/clinician ang magdodokumento sa patlang ng karagdagang mga peligro na hindi kasama sa information sheet ng pasyente):

E. Mga panganib na partikular sa pasyente na hindi magkakaroon ng "transvaginal ultrasound"

(Idodokumento ng doktor/clinician ang mga natukoy na panganib sa hindi pagkakaroon ng 'transvaginal ultrasound'):

DO NOT WRITE IN THIS BINDING MARGIN

v3.00 [Translated: 2022]
Clinical content review: 2017
Clinical check: 11/2020
Published: 05/2021



SW9459

TRANSVAGINAL ULTRASOUND CONSENT



Transvaginal Ultrasound Consent (Filipino)

(Affix identification label here)

URN:

Family name:

Given name(s):

Address:

Date of birth:

Sex: M F I

F. Mapagpipiliang mga alternatibong gamutan

(Idodokumento ng doktor/clinician ang alternatibong gamutan na hindi kasama sa information sheet ng pasyente):

G. Impormasyon para sa doctor/clinician

Ang impormasyon sa kasulatang pahintulot na ito ay hindi inilaan upang maging kapalit sa direktang komunikasyon sa pagitan ng doktor/clinician at ng pasyente / magulang / ligal na tagapag-alaga / ibang tao *.

Ipinaliwanag ko sa pasyente / magulang / ligal na tagapag-alaga / ibang tao * ang mga nilalaman ng kasulatang ito at sa aking palagay ay naintindihan ang impormasyon.

Pangalan ng doktor/clinician:

Titulo:

Lagda:

Date:

H. Pasyente/pamalit na tagapagpasya

Kinikilala ko na naipaliwanag ng doktor/clinician ang:

- "Transvaginal ultrasound" na patient information sheet
- aking/ang medikal na kondisyon ng bata at iminungkahing gamutan, kasama ang posibilidad ng karagdagang gamutan
- ang mga tiyak na peligro at benepisyo ng procedure
- ang pagbabala, at mga peligro ng hindi pagkakaroon ng procedure
- alternatibong pagpipiliang gamutan
- na walang garantiya na mapapabuti ng procedure ang medikal na kondisyon
- na ang procedure ay kapapalooban ng pagsasalin ng dugo
- na maaaring may mga tisyu/dugo na tatanggalin at gagamitin sa pagsusuri/pamamahala ng kondisyon
- na kung may kagyat na pangyayaring nagbabanta sa buhay ang maganap sa panahon ng 'procedure' / gamutan / pagsisiyasat / eksaminasyon, ang pangangalagang pangkalusugan ay ibibigay alinsunod sa mabuting klinikal na kasanayan at para sa pinakamahusay na kapakanan ko/ ng bata. Kung pipiliin mong hindi sumang-ayon, hindi nito maaapektuhan ang aking pag-access, kalalabasan o mga karapatan sa paggamot na medikal; sa anumang paraan.
- na kung may banta sa buhay habang isinasagawa ang procedure, ako ay gagamutin batay sa mga dokumentadong talakayan (halimbawa AHD o ARP (Acute Resuscitation Plan
- na ang doktor/clinician maliban sa consultant/specialist maaaring tumulong sa /magsagawa ng angkop sa klinikal na 'procedure' / gamutan/imbestigasyon/eksaminasyon;

maaaring kabilang dito ang doktor/clinician na sumasailalim sa karagdagang pagsasanay na pinangangasiwaan

- na kung gugustuhin ng doktor/clinician na mag-rekord ng video, tunog, o imahen habang isinasagawa ang 'procedure' kung saan hindi kasama ang pagrekord bilang parte ng gamutan (halimbawa, para sa pagsasanay o layuning pananaliksik), ako ay hihingan na pumirma ng hiwalay na kasulatang para sa pahintulot. Kung pipiliin kong hindi magpahintulot, hindi maaapektuhan ang aking paggamit, resulta o mga karapatan sa medikal na gamutan sa anumang paraan.)

Nagawa kong magtanong at maghapag ng mga alalahanin ko sa doktor/clinician.

Nauunawaan kong may karapatan akong magbago ng isip tungkol sa ibinigay kong pahintulot anumang oras, kahit pagkatapos kong pumirma sa kasulatang ito (*ito ay dapat may pagkonsulta sa doktor/clinika*).

Ako/pamalit na tagapagpasya/ magulang / ligal na tagapag-alaga / ibang tao * ay nakatanggap ng sumusunod na pahintulot at (mga) information sheet ng pasyente:

"Transvaginal ultrasound"

Batay sa mga pahayag sa itaas,

1) Ako/magulang/ligal na tagapag-alaga/ibang tao* ay nagbibigay ng pahintulot sa transvaginal ultrasound.

Pangalan ng pasyente/magulang/ligal na tagapag-alaga/ ibang tao*:

Lagda:

Petsa:

If the patient is a child/young person:

- Wala akong kaalaman sa anumang ligal o ibang dahilan na pipigil sa aking magbigay ng malayang pahintulot para sa bata/kabataang ito para sa gamutang ito (*hindi naaangkop kung ang bata ay may kakayahang Gillick at kayang pirmahan ang kasulatang ito*).

2) Pagsusulit / 'procedure' ng mag-aaral para sa mga hangaring propesyonal na pagsasanay:

Para sa layuning pagsasagawa ng pagsasanay, ang isang (mga) mag-aaral na klinikal ay maaaring obserbahan ang (mga) medikal na pagsusuri o (mga) 'procedure' at maaari ding, nang may pahintulot ng pasyente / pamalit na tagapagpasya na tumulong sa / magsagawa ng pagsusuri o 'procedure' sa isang pasyente habang ang pasyente ay nasa ilalim ng pampamanhid.

Ako/magulang/ligal na tagapag-alaga/ibang tao* pahintulot sa isang klinikal mga mag-aaral na pumapailalim sa pagsasanay sa:

- magmasid ng (mga) eksaminasyon / procedure Oo Hindi
- tumulong sa (mga) eksaminasyon/ procedure Oo Hindi
- magsagawa ng (mga) eksaminasyon/ procedure Oo Hindi

Transvaginal ultrasound (Filipino)

Nasa Gulang at Bata/Kabataan (18 taong gulang pababa) | May kaalamang pahintulot:
impormasyon sa pasyente

Ang isang kopya ng kasulatang ito ay dapat ibigay sa pasyente / pamalit na tagapagpasya upang mabasa nang maingat at mabigyan ng oras at maghapag ng anumang mga katanungan tungkol sa procedure. Ang kasulatang pahintulot at information sheet ng pasyente ay dapat na isama sa medikal na rekord ng pasyente.



1. Ano ang isang “transvaginal ultrasound” at paano ito makakatulong sa akin / sa pasyente?

Ang mga ‘ultrasound scans’ ay gumagamit ng matataas na ‘ultrasonic sound waves’ upang makita ang mga panloob na organo. Ang mga ‘ultrasound waves’ ay nadadala ng isang ‘transducer’ at naibabalik sa ‘ultrasound machine’ upang makagawa ng mga imahe sa isang ‘display screen’.

Kasama sa isang “transvaginal ultrasound scan” ang paglalagay ng isang espesyal na idinisenyong ‘transducer’ sa loob ng ari ng babae. Ang matris at mga ovary ay nakahiga sa ilalim ng puso. Ang pagpasok ng ‘transducer’ sa ari ng babae ay nagpapahintulot ng mas malapit na pagtingin (at mas detalyadong mga imahe) ng mga ‘pelvic organ’ na ito. Ang isang “transvaginal scan” ay karaniwang tumatagal ng 10-15 minuto, ngunit paminsan-minsan ay mas matagal. Ang pag-scan ay maaaring ihinto anumang oras kung nais mong hindi magpatuloy.

Maaari kang makaramdam ng banayad na sakit at kawalan ng ginhawa habang ginagawa ang isang ‘transvaginal ultrasound scan’. Kung ang pag-scan ay ginaganap sa isang bahagi na malambot maaari mo ring maramdaman ang ilang presyur.

Kung ang pag-scan ay magdudulot ng anumang higit pa sa banayad na sakit, mangyaring ipaalam sa sonographer / doktor.




Image 1: Transvaginal ultrasound.

Illustration Copyright © 2019 Nucleus Medical Media, All rights reserved. www.nucleusmedicalmedia.com

Paghahanda para sa ‘procedure’

Hihilingin ka na pumunta sa banyo at alisin ng laman ang iyong pantog bago ang “transvaginal scan”. Maaaring kailanganin mong magsuot ng isang gown ng ospital. Kung nakasuot ka ng tampon o panregla na tasa, kakailanganin itong alisin.

Habang isinasagawa ang ‘procedure’

Ang mga ilaw sa silid ay didiliman upang ang mga imahe ay malinaw na makikita sa ‘display screen’ ng ‘ultrasound’.

Ang isang pangproteksyon na takip o condom ay ilalagay sa ‘transducer’ at lalagyan ito ng lubricating gel, upang mapagaan ang pagpasok ng ‘transducer’.

Hihilingin ka na humiga sa isang kama para sa pagsusuri. Isang balabal ang ibibigay upang takpan ka.

Hihilingin sa iyo na iyuko ang iyong mga binti at ang 'transducer' ay ipapasok sa sa iyong ari. Maaaring hilingin sa iyo ng sonographer/ doktor na tulungan mo siya sa pagpasok ng 'transducer'. Mangyaring ipaalam sa kawani kung mayroon kang allergy sa latex.

Kailangang galaw-galawin ng sonographer/ doktor ang 'transducer' sa buong panahon ng pagsusuri upang mailarawan ang mga 'pelvic structures'. Kung mayroon kang anumang mga alalahanin sa panahon ng pagsusuri, mangyaring ipagbigay-alam sa sonographer / doktor na nagsasagawa ng pagsusuri. .



2. Ano ang mga panganib?

Walang mga kilalang panganib sa pagsasagawa ng 'transvaginal ultrasound'. Ang 'transducer' ay nililinis ng isang mataas na antas ng 'disinfectant' pagkatapos ng bawat paggamit at tinatakpan ng isang solong-paggamit na takip ng 'transducer' o condom.

Maaaring may mga karagdagang panganib na nauukol sa iyong indibidwal na kondisyon at mga kalagayan. Mangyaring talakayin ang mga ito sa iyong sonographer / doktor at tiyaking nakasulat ang mga panganib na ito sa kasulatang pahintulot bago mo ito pirmahan

Ang pamamaraang ito ay hindi nangangailangan ng pampamanhid.

Ano ang mga panganib sa hindi pagkakaroon ng 'transvaginal ultrasound'?

Maaaring may mga kahihinatnan kung pipiliin mong hindi dumaan sa iminungkahing 'procedure' / gamutan / pagsisiyasat / eksaminasyon. Mangyaring talakayin ang mga ito sa doktor / clinician.

Kung pipiliin mong hindi pumailalim sa 'procedure', hindi ka hihilingin na pumirma sa isang kasulatang pahintulot.

Kung pumirma ka sa isang kasulatang pahintulot, may karapatan kang magbago ng isip anumang oras bago ang 'procedure' / gamutan / pagsisiyasat / eksaminasyon.

Mangyaring kontakin ang doktor / clinician para makipag-usap.



3. Mayroon bang mga alternatibo?

Ang paggawa ng desisyon para sa procedure na ito ay nangangailangan na maintindihan ng pasyente/pamalit na tagapagpasya ang mga nakalaang mapagpipilian. Mangyaring talakayin ang anumang mga alternatibong pagpipilian sa gamutan sa iyong doktor / clinician bago pirmahan ang kasulatang pahintulot.

Kung pipiliin mong di magpasailalim sa 'procedure', hindi ka hihilingin na pumirma sa isang kasulatang pahintulot.

Kung pumirma ka sa isang kasulatang pahintulot, may karapatan kang baguhin ang iyong isip anumang oras bago ang 'procedure' / gamutan / pagsisiyasat / eksaminasyon. Mangyaring makipag-ugnayan sa doktor / clinician para makipag-usap.



4. Ano ang dapat kong asahan pagkatapos ng 'procedure'?

Kakausapin ka ng iyong pangkat sa pangangalaga ng kalusugan (healthcare team) tungkol sa kung ano ang aasahan pagkatapos ng iyong 'procedure' at paglabas mula sa ospital.



5. Sino ang magsasagawa ng 'procedure'?

Ang isang doktor / clinician maliban sa consultant / specialist ay maaaring tumulong sa / pagsasagawa ng naaangkop na klinikal na 'procedure' / gamutan / pagsisiyasat / eksaminasyon.

Maaari itong maging isang doktor / clinician na sumasailalim sa karagdagang pagsasanay, subalit ang lahat ng mga nagsasanay ay pinangangasiwaan batay sa angkop na mga propesyunal na patnubay.

Kung mayroon kang ilang pag-aalala tungkol sa sinong doktor/clinician ang magsasagawa

ng 'procedure', pakitalakay ito sa doktor / clinician.

Para sa layuning pumailalim sa propesyonal na pagsasanay sa ospital ng pagtuturo, ang isang (mga) mag-aaral na klinikal ay maaaring magmasid sa ang (mga) medikal na eksaminasyon o (mga) 'procedure' at maaari rin, ayon sa iyong pahintulot, tumulong sa / pagsagawa ng eksaminasyon o 'procedure' sa isang pasyente habang ang pasyente ay nasa ilalim ng pampamanhid.

Kung iyong pipiliin na huwag magbigay ng pahintulot, ito ay hindi makakaapekto nang masama sa iyong pag-access, kahihinatnan o karapatan sa gamutang medikal sa anumang paraan. Wala kang obligasyon na pumayag sa isang (mga) pagsusuri o isang (mga) 'procedure' na isinasagawa ng isang (mga) mag-aaral para sa mga layuning pagsasanay.



6. Saan ako makakahanap ng suporta o karagdagang impormasyon?

Pangangalaga sa ospital: bago, habang at pagkatapos ay makikita sa website ng Queensland Health na www.qld.gov.au/health/services/hospital-care/before-after kung saan maaari mong mabasa ang tungkol sa iyong mga karapatang pangkalusugan.

May mga kawani na handang magbigay ng suporta sa mga pangkultura at pang-ispiritwal na pangangailangan ng mga pasyente. Kung nais mo ng suportang pangkultura o pang-ispiritwal, mangyaring talakayin sa iyong doktor /clinician.

Kinikilala ng Queensland Health na ang mga pasyente ng Aboriginal at Torres Strait Islander ay makakaranas ng pinakamahasag na pangangalaga sa klinika kapag isinama ang kanilang kultura sa panahon ng pagpapasya.



7. Mga tanong

Mangyaring tanungin ang doktor / clinician kung hindi mo nauunawaan ang anumang aspeto ng information sheet ng pasyente na ito o kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa iyong kondisyong medikal / ng pasyente, mga pagpipilian sa gamutan at iminungkahing 'procedure' / gamutan / pagsisiyasat / pagsusuri.



8. Kontakin kami

Sa isang emerhensiya, tawagan ang Triple Zero (000).

Kung ito ay hindi pang-emerhensiya, ngunit mayroon kang mga alalahanin, kumontak sa 13 HEALTH (13 43 25 84), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.